FILIPINO (TAGALOG)

DHS Avoid a Debt

Person 1: Kapag nakatanggap ako ng bayad mula sa Deparment of Human Services at merong nagbago sa personal na sitwasyon ko, kailangan ko ba'ng ipaalam sa kanila?

Person 2: Oo, mahalagang ipaalam mo sa departmento ang ano mang pagbabago sa iyong personal na sitwasyon o kaya ng iyong partner sa loob ng labing apat na araw na ito'y nagbago. Ang pagbabago sa iyong sitwasyon ay maaring magdulot ng pagbabago sa halaga ng iyong kabayaran o kaya sa klase o tipo ng kabayaran na angkop sa iyo.

Person 1: Anong mga pagbabago ang kailangan kong ipaalam sa departamento?

Person 2: Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng pagbabago na kailangang ipaalam sa departamento :

- nagbago ang halaga ng sahod na inyong natatangap o kaya ng iyong partner
- nagbago ang iyong address o kaya ang halaga ng iyong upa
- nagkaroon o nawalan ka ng kinakasama sa iyong tinitirahan
- nagpakasal ka, naghiwalay kayo ng partner mo o kaya namatay ang partner mo
- nagsimula o huminto kayo sa pag-aaral ng iyong partner o kaya ay nagbago ang iyong study load
- Umalis ka o ang iyong partner ng pansamantala o permanente sa Australya.

Person 1: Bakit mahalagang ipaalam sa departamento ang mga pagbabagong ito?

Person 2: Kung hindi mo ipapaalam sa departmento ang mga pagbabago sa iyong personal na sitwasyon, maaari kang mabayaran ng maling halaga. Kung nabayaran ka ng mas higit sa dapat mong matanggap, kailangan mong bayaran ang labis na bayad sa iyo.

Person 1: Ano ang dapat kong gawin kung meron pala akong utang sa departamento?

Person 2: Kung kailangan mong ibalik ang labis na bayad sa iyo, padadalhan ka ng liham na nagpapaliwanag ng sitwasyon at mga iba't ibang paraan ng pagbabayad. Kung magkakaron ka ng problema sa pagbabayad, makipag-ugnayan lamang sa departmento para isaayos ang paraan ng pagbabayad na mas makakabuti sa iyo.

Tandaan na mahalagang bigyan ng tamang report ang Department of Human Services tungkol sa iyong personal na sitwasyon. Maari kang makasuhan ng criminal offence kapag mali o nakakapanlinlang ang impormasyong iyong ibinigay.

Person 1: Saan ako makakakuha ng iba pang impormasyon tungkol dito?

Person 2: Para sa karagdagang impormasyon at sa buong listahan ng mga pagbabagong kailangan mong ipaalam sa departamento, maaari kayong

- magtungo sa website **humanservices.gov.au**
- bisitahin ang pinakamalapit na Service Centre o kaya'y
- Para sa impormasyon sa wikang Filipino, tumawag lamang sa 13 1202. Inuulit ang numero 13 1202.

(*mabilis na sasabihin, isang disclaimer)*

Maaring magbago ang halaga ng tawag depende sa inyong telephone service provider. Maaaring mas mataas ang halaga ng tawag mula sa pampublikong telepono at mobile phone.

Avoid a debt

Person 1: If I receive a payment from the Department of Human Services and something changes with my personal situation, do I need to tell them?

Person 2: Yes, it is very important that you tell the department about any change to your situation or your partner's within 14 days of the change. A change to your situation might change the payment amount or payment type that you are entitled to.

Person 1: What kinds of changes do I need to report to the department?

Person 2: Well, for example, you need to tell the department if:

- the amount of income you or your partner receive changes
- your address or the amount of rent you pay changes
- you start or stop living with someone
- you get married, separate from your partner or your partner dies
- you or your partner start or stop studying or change your study load
- you or your partner leave Australia temporarily or permanently.

Person 1: Why is it important to tell the department about these changes?

Person 2: If you don't tell the department when your personal situation changes, you might be paid an incorrect amount. If you receive more money than you should, you will have to pay the extra money back.

Person 1: What do I do if I owe the department money?

Person 2: If you have to pay money back, you will be sent a letter explaining the situation and your payment options. If you will have trouble paying back the amount, you should contact the department to discuss an arrangement that will work for you.

Remember, it is important to always provide the Department of Human Services with an accurate report of your personal situation. You can be charged with a criminal offence if you provide false or misleading information about your situation.

Person 1: Where can I find out more?

Person 2: For more information, and for a full list of changes you need to report, you can:

- go to **humanservices.gov.au**
- visit your nearest service centre, or
- for information in Filipino, call **131 202**. That number again – **131 202**.

Call charges may vary depending on the telephone service provider. Calls from public telephones and mobile phones may be charged at a higher rate.